# Mga piniling bahagi mula sa mensahe ni Jeffrey R. Holland na, "This Do in Remembrance of Me"



"Kung pag-alaala ang una nating dapat gawin, ano ang maaari nating alalahanin kapag iniaabot sa atin ang simple at mahahalagang simbolong iyon?

"Maaari nating alalahanin ang buhay ng Tagapagligtas bago pa ang buhay na ito at lahat ng alam natin na ginawa niya bilang dakilang Jehova, tagapaglikha ng langit at lupa at lahat ng bagay na nasa mga ito. Maaari nating alalahanin na maging sa Malaking Kapulungan sa Langit mahal niya tayo at napaka-makapangyarihan niya, na nagtagumpay tayo roon sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Cristo at ng ating pananampalataya sa dugo ng Kordero (tingnan sa Apoc. 12:10–11).

"Maaari nating alalahanin na ang simpleng karingalan ng kanyang pagsilang sa mundong ito. . . .

"Maaari nating alalahanin na ang mga himala ni Cristo at ang kanyang mga itinuro, pagpapagaling at tulong. Maaari nating alalahanin na pinagaling niya ang mga bulag at mga bingi at ang mga pilay at lumpo at mga natutuyot. Pagkatapos, sa mga araw na madama natin na huminto ang ating pagsulong o napawi ang ating kagalakan at nagdilim ang ating pananaw, makapagpapatuloy tayo sa paglakad nang may katatagan kay Cristo. . . .

"Maaari nating alalahanin na bagama't siya ay binigyan ng maringal na misyon, nalugod ang Tagapagligtas sa buhay; siya ay masayang nakihalubilo sa mga tao at iniutos sa kanyang mga disipulo na magalak. Sinabi niya na dapat tayong magalak sa ebanghelyo tulad ng isang tao na nakatagpo ng malaking kayamanan, isang tunay na perlas na malaki ang kahalagahan, na narito na mismo sa ating harapan. . . .

"Maaari nating alalahanin na tinawag ni Cristo na mga kaibigan ang kanyang mga disipulo. . . .

"Maaari—at dapat nating—alalahanin ang magagandang bagay na dumating sa ating buhay at 'ang lahat ng bagay na mabubuti ay nagmumula kay Cristo' (Moro. 7:24). . . .

"Sa ibang mga araw, mayroon tayong mga dahilan na alalahanin ang hindi magandang pagtrato sa kanya, ang hindi pagtanggap sa kanya, at ang kawalang-katarungan—oo, ang kawalang-katarungan—na kanyang tiniis. Kapag naranasan din natin ang ilan sa mga iyon sa buhay, maaalaala natin na si Cristo rin ay binagabag sa magkabi-kabila, ngunit hindi naghinagpis; hinadlangan, ngunit hindi nawalan ng pag-asa; inusig, ngunit hindi pinabayaan; inilugmok, ngunit hindi nasira (tingnan sa 2 Cor. 4:8–9).

"Kapag dumating ang mahihirap na panahong iyon sa atin, maaari nating alalahanin na si Jesus ay nagpakababa-baba sa lahat ng bagay bago siya itinaas sa lahat ng iyon, at nagdanas siya ng mga pasakit at pighati at tukso ng lahat ng uri upang siya ay mapuspos ng awa at malaman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao sa kanilang mga kahinaan (tingnan sa D at T 88:6; Alma 7:11–12).

"Sa mga nanlulumo o nanghihina. nariyan siya para patatagin at palakasin tayo. Sa huli ay nariyan siya upang iligtas tayo, at para sa lahat ng ito ay ibinigay niya ang kanyang buhay. . . .

". . . Lahat ng ito ay maaalaala natin kapag inanyayahan tayo ng isang batang priest na alalahanin si Cristo sa tuwina" (*Ensign,* Nob. 1995, 67–69).

© 2018 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW